# *Ang Pagsisisi ni Zacqueo*

***"1 At siya'y pumasok at nagdaan sa Jerico.2 At narito, isang lalake na tinatawag sa pangalang Zaqueo; at siya'y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya'y mayaman.3 At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino kaya siya; at hindi mangyari, dahil sa maraming tao, sapagka't siya'y pandak. 4 At tumakbo siya sa unahan, at umakyat sa isang punong kahoy na sikomoro upang makita siya: sapagka't siya'y magdaraan sa daang yaon.5 At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, ay siya'y tumingala, at sinabi sa kaniya, Zaqueo, magmadali ka, at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo. 6 At siya'y nagmadali, at bumaba, at tinanggap siyang may tuwa. 7 At nang makita nila ito, ay nangagbulongbulungan silang lahat, na nangagsasabi, Siya'y pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan. 8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat.9 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham.10 Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala." (Lucas 19:1-10)***

Ang Jericho ang unang bayan na nakapasok ang mga Israelita at nakuha mula sa Lupang Pangako. Ito ang bayan na isinumpa at ipagpalagay na hindi itinayo. Ngunit ito'y nangyari na ito ay itinayong muli at matatagpuan natin dito na si Jesus ay pumasok sa bayang ito at sa huli ang sinumpang bayan ay tumanggap ng mga pagpapala ni Jesus. Ang mga tao ay naligtas sa pagbisitang ito ni Jesus sa bayan ng Jericho. Sa partikular si Zaqueo at ang kanyang pamilya ay naligtas bilang bunga ng pagbisita ni Jesus. Sa gayon kailangan nating sikapin para dalhin si Jesus sa bawat bayan upang ang Kanyang kaligtasan ay dumaloy sa ibang tao.

Si Zaqueo ay isang lalaking mayaman, ang pinuno ng maniningil ng buwis, ***"2 At narito, isang lalaki na tinatawag sa pangalang Zaqueo; at siya'y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya'y mayaman." (Lucas 19:2)***

At mula sa ating binasa mula sa salaysay mauunawaan natin na siya ay mandaraya at mangingikil sa paggamit ng kanyang trabaho upang makagawa ng salapi mula sa kanyang kasakiman at pananamantala sa mga tao na ibinigay ng batas sa ilalim ng kanyang kapangyarihan upang kumuha ng buwis mula sa kanila.
Kamangha manghang nakita natin si Jesus na tinawag ang makasalanang ito at pumasok sa kanyang bahay. Katotohanang ang Panginoon ay dumating upang hanapin at iligtas ang mga nawawala. ***"10 Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala." (Lucas 19:1-10)*** Maaring tawagin ni Jesus ang anumang uri ng mga makasalanan, kagaya ng mga patutot, magnanakaw, mamatay-tao, mangkukulam, atbp. Ngunit hindi lamang iyon; tinawag ni Jesus si Zaqueo at pumasok sa kanyang bahay sapagkat si Zaqueo ay nagpakita ng mga tanda ng pagsisisi. Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo ngunit ang Diyos ay tumitingin sa puso. Si Zaqueo ay ipinakita at hinangad na makita at makatagpo ang Panginoon mula sa kanyang kaloob loobang pagsisisi; mula sa kanyang kagustuhang umalis sa kanyang buhay na masama, bumalik sa Diyos at sumunod sa mga paraan ni Cristo. Mapapagmasdan natin na ang sumusunod na mga puntos tungkol sa kanyang pagsisisi at gaya ng sumusunod:

1. ***Kinuha niya ang pagkukusa na makita si Jesus:*** Siya ay pandak ngunit siya'y tumakbo at umakyat sa puni upang iwasan ang karamihan at magawang makita kung sino si Jesus: ***"3At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino kaya siya; at hindi mangyari, dahil sa maraming tao, sapagka't siya'y pandak.4 At tumakbo siya sa unahan, at umakyat sa isang punong kahoy na sikomoro upang makita siya: sapagka't siya'y magdaraan sa daang yaon." (Lucas 19:3-4)*** Ginamit ni Zaqueo ang pagkakataon para magsisisi at bumalik sa Diyos. Binibigyan ng Diyos ang mga tao ng pagkakataon upang magsisi ngunit kung hindi handang isuko ang kanilang mga kasalanan sa gayon hindi nila magagamit ang pagkakataon upang magsisi. Kahit na siya ay pandak. Siya ay tumakbo at umakyat sa puno para makatagpo ang Panginoon. Ang pagsisisi ay isang pagkakataon mula sa Panginoon, gamitin ito, at huwag sayangin ito, sapagkat maaring hindi na dumating itong muli sa iyo.

2. ***Siya ay sumunod kaagad sa Panginoon: "5At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, ay siya'y tumingala, at sinabi sa kaniya, Zaqueo, magmadali ka, at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo.6 At siya'y nagmadali, at bumaba, at tinanggap siyang may tuwa." (Lucas 19:5-6)*** Nang sinalita ng Panginoon sa kanya na bumaba, siya'y nagmadaling sumunod. Kapag narinig ng mga tao ang tawag ng Diyos, marami ang hindi tumugon ngunit pilit na ipinagpaliban ito dahil sila'y nabighani sa mga bitag ng sanglibutan. Ang pagsisisi ni Zaqueo ay malinaw at nilayon niya sa kanyang puso na huwag magdalawang isip nang tinawag siya ni Jesus. Maraming mga tao kapag tinawag sila ng Diyos sila ay sasagot sa Panginoon. 'Hindi sa panahong ito', 'Ako ay abala', 'Siguro sa susunod na taon'. Oh Panginoon ako'y isang makasalanan', atbp. Ang pagsisisi ni Zaqueo ay maliwanag, tiyak, at siya ay walang pagdadalawang isip nang tinawag siya ni Jesus. Sumunod kaagad sa Panginoon at tanggapin at gawin ang hinihiling niya sa iyo.

3. ***Masaya niyang tinanggap si Cristo: "6 At siya'y nagmadali, at bumaba, at tinanggap siyang may tuwa." (Lucas 19:6)*** Si Cristo kapag ginusto niyang lumapit sa iyong buhay at pumasok sa iyong bahay at sa iyong pamilya ay isang pagpapala sa iyo at ito ay para iyong ikabubuti. Maraming tao sila'y takot kapag tinatawag sila ng Diyos at sila ay may kalungkutan takot dahil pakiramdam nila kailangan na nilang iwaksi ang mga kayaman at kasiyahan ng sanglibutang ito. Ngunit ipinakita ni Zaqueo ang kanyang pagsisisi nang tinanggap niya si Cristo nang may tuwa at nagalak na marinig mula kay Jesus, ***"sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo."*** Matuwa na tanggapin si Cristo sa iyong buhay. Matuwa na sumunod kay Cristo, at maging may kamalayan na si Cristo ay mananatili sa iyo at mananahan sa iyo ibig sabihin na kailangan mong isuko ang iyong sariling buhay at kalooban ng ganap sa KANYA.

4. ***Hindi niya inaring-ganap ang kanyang mga kasalanan at maling gawain:*** Ang mga tao ay nagbulungbulungan nang nakita nilang pumasok si Jesus sa bahay ni Zaqueo, "***7At nang makita nila ito, ay nangagbulongbulungan silang lahat, na nangagsasabi, Siya'y pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan." (Lucas 19:7)*** Narito nang narinig ni Zaqueo iyon hindi siya nangatuwiran sa kanyang sarili o nagsalita ng masama laban sa mga tao na tumutuligsa sa Panginoon. Ang sinalita ng mga tao tungkol kay Zaqueo ay totoo, sa pagiging isang makasalanan, at tinanggap niya iyon. Hindi niya itinanggi o inaring-ganap ang kanyang mga kasalanan. Ang kasakiman at pangingikil ay mga kasalanan at ang totoong pagsisisi ay upang kunin ang pananagutan para sa ating mga kasalanan at huwag gumanti kapag kaharap natin sila. Ang ilang mga tao sa halip na magsisi, sila'y nagtatapos sa pakikipagaway sa mga taong hinarap sila ng katotohanan. Ang pagsisisi ay pagtanggap sa lahat ng iyong mga kasalanan at huwag gumati kapag kaharap mo sila.

5. ***Itinuwid ni Zaqueo ang kanyang masamang patotooo:*** Nalaman ni Zaqueo na ang kanyang mga kasalanan ay nagdala ng masamang bagay sa Panginoon, sa gayon kaagad niyang kinuha ang pagkukusa na itama ang kanyang sariling masamang gawain. ***"8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat." (Lucas 19:8)*** Hindi dapat tayong mapabilang sa mga hindi nagsisisi nang narinig nila ang iba na nagsasalita tungkol sa kanilang mga kasalanan. Ilagay sa iyong isipan na ang iyong mga kasalanan ay masamang patotoo patungo sa Panginoon, sa gayon suriin ang iyong sarili ngayon at maging tapat para magsisi at kunin ang pagkukusa upang ituwid ang iyong masamang patotoo.

6. ***Handang ibinigay ni Zaqueo sa Diyos ang nararapat sa Kanya:*** Si Cristo sa ***Lucas 18*** ay nakilala ang mayamang batang lalaki at ang sumunod ay nangyari, ***"22 At nang marinig ito ni Jesus, ay sinabi niya sa kaniya, Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin.23 Datapuwa't nang marinig niya ang mga bagay na ito, siya'y namanglaw na lubha; sapagka't siya'y totoong mayaman." (Lucas 18:22-23)*** Ito ay maaring nakarating sa pandinig ni Zaqueo ang sinabi ni Jesus sa mayamang lalaking iyon at handang ibigay ni Zaqueo nang may pagkukusa sa mga dukha. ***"8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat." (Lucas 19:8)*** Sa parehong paraan, kailangan nating ibigay sa Diyos ang hinihiling niya sa atin na ibigay sa Kanya at sa ipinapahay ng Kanyang Salita.

7. ***Ang pag-aalay ni Zaqueo ay hindi huwad:*** Maraming mga tao ang nagaalay ng pagkain at naghahanda ng mga piging upang takpan ang pandaraya at kasamaan na kanilang ipinamumuhay. Iyon ay hindi pagsisisi. Ang mga kasalanan ay pinatawad sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at ang kaligtasan ay matatanggap lamang sa pagsisisi. Hindi dapat nating gamitin ang ating salapi upang makipagkaibigan at makakuha ng tulong mula sa mga tao na susuporta sa ating mga maling gawain. Ang pagbibigay ni Zaqueo ay hindi pagtatakip sa kanyang kasalanan kundi magbayad sa Diyos at handang gawin ang ipinahayag ng Kanyang Salita. Kailangan nating magsisi sa ating mga kasalanan at iyon ang paraan upang tanggapin ang kaligtasan ng Diyos sapagkat hindi natin maibibigay ang materyal na mga bagay upang bayaran ang ating kaligtasan.

8. ***Handang ibalik ni Zaqueo ang kanyang dinaya at ninakaw: "8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaaapat." (Lucas 19:8)*** Handang batahin ni Zaqueo ang bunga ng kanyang mga kasalanan at handan niyang bayaran ang mga dinaya niya ayon sa Salita ng Diyos. ***"Kung ang isang lalake ay***

***magnakaw ng isang baka, o ng isang tupa at patayin, o ipagbili: ay kaniyang pagbabayaran ng limang baka ang isang baka, at ng apat na tupa ang isang tupa." (Exodu 22:1)*** Ang pagsisisi mula sa kasakiman at pandaraya ay dapat samahan ng pagsasauli at pagbabayad at bayaran ang mga nawala na idinulot natin sa mga tao dahil sa ating mga kasalanan.

9. ***Iniisip ni Zaqueo na siya at ang kanyang pamliya ay maliligtas: "9 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham." (Lucas 19:9)*** Nabatid ni Zaqueo na ang kanyang kasakiman at pagibig sa salapi ay magdadala sa kanyang pamilya sa kapahamakan. ***"Siyang sakim sa pakinabang ay bumabagabag ng kaniyang sariling sangbahayan: nguni't siyang nagtatanim sa mga suhol ay mabubuhay." (Kawikaan 15:27)*** Nalaman niya na kinakailangan niyang magsisi sa gayo'y ang sumpa ay hindi pumunta sa kanyang mga anak. Sa kanyang pagsisisi nakuha niya ang pagkakataon para ituro sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng mabuting halimbawa ng pamumuhay ng tapat at sa kasiyahan, malayo sa kasakiman, pangingikil, at pagibig sa salapi. Ang mga magulang na nagsisi ay ang pinaka mabuting guro sa kanilang mga anak. Sila'y mga anak ni Abraham sa pananampalataya at sa gawa upang palikihin ang kanilang mga anak sa makaDiyos na paraan gaya ng sinabi ng Diyos tungkol kay Abraham. ***"18 Dangang si Abraham ay tunay na magiging isang bansang malaki at matibay, at pagpapalain sa kaniya ang lahat ng bansa sa lupa?19 Sapagka't siya'y aking kinilala, upang siya'y magutos sa kaniyang mga anak at sa kaniyang sangbahayan pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng Panginoon, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan; upang padatnin ng Panginoon, kay Abraham ang kaniyang ipinangako tungkol sa kaniya." (Genesis 18:18-19)***

***Sa aking mahal at minahal:*** Ang ibig sabihin ng '**Zaqueo'** ay '**dalisay'.** Nais ng Diyos sa atin na maging tunay na dalisay. Ang ating mga panglan ay maaring may mabuting ibig sabihin, ngunit ang ating buhay patototo ay dapat ding makita ang mabuti at maging kalugod lugod sa Diyos. Katapatan at pagtatalaga ay inaasahan mula sa atin sa ipinagkatiwala sa atin upang gawin. Ang mga materyal na bagay na ibinigay sa atin ng Diyos ay dapat gamitin sa gawain ng Diyos at para sa pagpapalaganap ng Kanyang Kaharian. Sa gayon italaga ang iyong sarili sa pagtawag ng Diyos at mga espirituwal na layunin na iyong natutunan mula sa mensaheng ito bilang ikaw ay nagsisisi at sumangayon na manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.

Panginoon ako ay nagpapasalamat para iyong salita na ipinakita mo sa akin ng malinaw ang iyong mga paraan ng buhay na kailangan mo na sundin ko.

Tayo ay magsisi at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan, kagaya ng kasakiman, ang pagibig sa salapi, kamunduhan, pandaraya, at pananamantala. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan____________.

Panginoon handang kong ibalik at bayaran sa aking idinulot na pinsala sa mga sumusunod na mga tao______________.

Panginoon lumapit at manatili sa aking buhay, sa aking bahay, at sa aking pamilya. Aking itinatalaga ang aking buhay upang mabuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo ayon sa iyong Salita. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na magdala ng maraming bunga ng Banal na Espiritu na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.

Panginoo salamat para sa aking mga Kapatid na Lalake at Babae na lumapit sa iyo at inialay ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila, at ibigay ng lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon pusposin sila ng iyong Banal na Espiritu at gamitin ang kanilang buhay at mga patotoo para magebanghelyo at dalhin ang iba sa iyo.

Panginoon kami'y nanalangin na pagpalain kami bilang simbahan, puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na pumaroon at maglingkod sa iyo sa pagabot sa nawawala. Panginoon manguna ka sa amin at tulungan kaming magtanim ng bagong kapisanan at bagong pag-aaral ng Bibliya. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espirutu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang pagsisisi ni Zaqueo Lucas 19:1-10. Lucas 18:22-23. Exodu 22:1. Kawikain 15:27. Genesis 18:19-19.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com